Disability Rights California

Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California

Mga Paghahabol sa Sibil na mga Salarin—Pagsampa ng mga Paghahabol Laban sa Pampublikong mga Entidad sa ilalim ng Batas sa mga Paghahabol sa Sibil na mga Salarin ng California

Pebrero 2019, Lat. #5229.08

Kung sa palagay mo ikaw ay nasaktan at gustong magsampa ng demanda sa personal na pinsala, maaaring kailangan mong magsampa muna ng paghahabol sa sibil na mga salarin.

Ang paghahabol sa sibil na mga salarin ay isang bagay na iyong isasampa kung ang taong nakasakit sa iyo ay isang empleyado ng gobyerno. Karaniwan kinakailangan mong magsampa ng paghahabol sa sibil na mga salarin sa loob ng **anim na buwan** ng araw na ikaw ay napinsala. Kung hindi ka magsampa ng paghahabol sa sibil na mga salarin sa takdang panahon, hindi ka maaaring magsampa ng demanda.

Kung gusto mong magsampa ng demanda sa personal na pinsala, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa isang abogado. Hindi sakop ng Disability Rights California ang larangang ito ng batas. Hindi ka namin mapapayuhan tungkol sa pagsampa ng mga paghahabol sa sibil na mga salarin. Hindi ka namin matutulungang magsampa ng iyong paghahabol sa sibil na mga salarin.

Kahit pa lumampas na ng higit sa anim na buwan, dapat ka pa ring makipag-ugnayan sa isang abogado sa personal na pinsala. Makatutulong sa iyo ang abogado na humanap ng tamang pormularyo sa paghahabol sa sibil na mga salarin, kausapin ka tungkol sa kung kailan nagsimula ang iyong takdang panahon, at tulungan kang alamin ang iyong huling araw. Sasabihin sa iyo ng abogado kung makakapagsampa ka ng huli na paghahabol. Makakapagpayo sa iyo ang abogado sa personal na pinsala tungkol sa susunod na mga hakbang na gagawin pagkatapos mong magsampa ng paghahabol sa sibil na mga salarin.

Makakapagbigay ang Disability Rights California sa iyo ng listahan ng mga abogado sa personal na pinsala, o maaari kang tumawag sa serbisyo ng Pagsangguni ng Abogado ng Bar ng Estado ng California (California State Bar) upang humiling ng pagsangguni sa:

1-866-442-2529

www.calbar.org/lrs

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay n gaming serbisyo! [Sagutan ang Survey]

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang pormularyo ng kahilingan para sa tulong. Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.